RECORDS SECTION, REGIONAL OFFICE
MAY 2 0 2022

Regional Advisory No. 32, s. 2022
Mayo 20, 2022
Ayon sa pagpapatupad ng DepEd Order (DO) No. 8, s. 2013,
ang advisory na ito ay hindi pag-eendorso, ayon naman sa DO 28, s. 2001,
ito ay isang impormasyon lamang para sa mga opisyal
at kawani ng Kagawaran ng Edukasyon, at ng mga mamamayan.
(Visit *www.deped.gov.ph)*

KWF DANGAL NG WIKANG FILIPINO 2022 AT KAMPEON NG WIKA 2022

Ang Komisyon ng Wikang Filipino (KWF) ay muli na namang nagbubukas ng nominasyon para sa **Dangal ng Wikang Filipino 2022** at **Kampeon ng Wika 2022**.

Bilang tugon, ipinagbibigay-alam ng rehiyon sa 12 dibisyon ang tuntunin sa paglahok sa nasabing pagkilala sa mga indibidwal, samahan, tanggapan, o institusyon, o ahensyang pampamahalaan o pribadong sektor na may natatanging ambag o nagawa tungo sa pagusulong, pagpapalaganap, pagpapayabong at presentasyon ng wikang Filipino.

Para sa iba pang detalye, nakalakip dito ang Anunsyo at Tuntunin sa Paglahok sa Dangal ng Wikang Filipino 2022 at Kampeon ng Wika 2022 at ang Polmularyo nito.

CLM/mcj
05/20/2022

2022-05-06130

KAMPEON NG WIKA • KOMISYON SA WIKANG FILIPINO

# KAMPEON NG WIKA 2022

## *Bukás na para sa nominasyon!*

Ang Kampeon ng Wika ay mataas na pagkilála sa mga indibidwal o pangkat na nag-ambag sa pagpapaunlad at pagtataguyod ng alinmang sa mga katutubong wika ng Pilipinas o ng Filipino, at nagpamalas ng pagsusulong at pagsasákatuparan ng kanilang mga adbokasiyang pangwika.

**Bukás ang nominasyon sa mga indibidwal—laláki man o babae—samahán, tanggápan o institusyon, at mga ahensiyang pampamahalaán o pribadong sektor na may natatanging ambag o nagawa túngo sa pagsusulong, pagpapapagalaganap, pagpapayabong, at preserbasyon ng alinman sa mga katutubong wika sa Pilipinas sa ibá't ibáng larang at disiplina.**

KOMISYON SA WIKANG FILIPINO
www.kwf.gov.ph
komfil@kwf.gov.ph

KOMISYON SA WIKANG FILIPINO • 1991 •

**KAMPEON NG WIKA 2022, Bukás na para sa nominasyon!**

INAANYAYAHAN ang lahat na magpasa ng mga nominasyon para sa KWF Kampeon ng Wika, isang pagkilala para sa mga indibidwal o pangkat na nag-ambag sa pagpapaunlad at pagtataguyod ng Filipino at mga wika ng Pilipinas.

Ang Kampeon ng Wika ay ang taunang parangal na ibinibigay ng KWF sa mga natatanging indibidwal, institusyon, o samahan na patuloy na bumubuhay at aktibong lumalahok sa pagtataguyod at preserbasyon ng wikang Filipino at mga katutubong wika ng Pilipinas sa iba't ibang larangan o disiplina.

Tuntunin sa Paglahok

1. Ang Kampeon ng Wika ay mataas na pagkilála sa mga indibidwal o pangkat na nag-ambag sa pagpapaunlad at pagtataguyod ng Filipino at mga wika ng Pilipinas.

2. Bukás ang nominasyon sa mga indibidwal—laláki man o babae—samahán, tanggapan o institusyon, at mga ahensiyang pampamahalaan o pribadong sektor na may natatanging ambag o nagawa túngo sa pagsusulong, pagpapagalaganap, pagpapayabong, at preserbasyon ng alinman sa mga katutubong wika sa Pilipinas sa ibá't ibáng larang at disiplina.

3. Para sa mga indibidwal, kinakailangang may gulang na hindi bababâ sa apatnapung (40) taon. Para sa mga samahán, tanggapan, ahensiyang pampamahalaan, at/o pribadong sektor, kinakailangang naestablisa nang hindi bababâ sa limáng (5) taon.

4. Mayroong katipunan ng mga akda o gawaing nakapag-ambag sa alinman sa mga katutubong wika sa iba't ibang larang at/o disiplina. (Kinakailangang ilakip sa nominasyon bílang pruweba.)

5. Ang mga nominado ay marapat na manggaling sa rekomendasyon ng indibidwal o pangkat.

6. Pára sa onlayn na nominasyon, ihanda ang lahat ng softcopy (.pdf format) at magtungo sa link na ito: https://forms.gle/29WWupVDuxwkamGHA

• KWF Pormularyo ng Nominasyon
http://kwf.gov.ph/.../KWF_Pormularyo_Kampeon_ng_Wika.pdf

• Liham nominasyon na nagsasaad ng buod ng kalipikasyon ng nominadong indibidwal o samahán at nilagdaan ng nagnomina;

• Curriculum vitae (kung indibidwal) o profayl ng organisasyon (kung samahán);
• Mga pruweba sa katipunan ng mga akda o gawaing nakapag-ambag sa wikang Filipino at/o alinmang katutubong wika sa bansa; at

• Balidong ID ng nagnomina (.jpeg format)

7\. Pára sa nominasyon na ipadadala sa koreo, ilakip sa isa o higit pang long brown envelop ang lahat ng dokumento (hardcopy) na nakasaad sa bílang 6 at ipadalá sa:

Lupon sa Dangal ng Wikang Filipino 2022
Komisyon sa Wikang Filipino
2/P Gusali Watson, 1610 Kalye J.P. Laurel
San Miguel, Maynila

8\. Ang hulíng araw ng pagpapása ng nominasyon ay sa 01 HUNYO 2022, 5:00 nh.

6\. Ang tatanghaling Kampeon ng Wika 2022 ay tatanggap ng naturang gawad sa Araw ng Parangal sa 29 Agosto 2022.

7\. Pára sa ibá pang detalye, tumawag o mag-text sa 0928-884-1349, o magpadalá ng email sa timpalak.gawad@kwf.gov.ph

# DANGAL NG WIKANG FILIPINO 2022

*Bukás na para sa nominasyon!*

Ang Dangal ng Wikang Filipino ay mataas na pagkilála sa mga indibidwal, samahán, tanggápan, institusyon, o ahensiyang pampamahalaán o pribadong sektor na may natatanging ambag o nagawa túngo sa pagsusulong, pagpapalaganap, pagpapayabong, at preserbasyon ng wikang Filipino.

**Bukás ang nominasyon sa mga indibidwal—laláki man o babae samahán, tanggápan o institusyon, at mga ahensiyang pampamahalaán o pribadong sektor na may natatanging ambago nagawa túngo sa pagsusulong, pagpapapagalaganap, pagpapayabong, at preserbasyon ng wikang Filipino sa iba't ibang larang at/o disiplina.**

KOMISYON SA WIKANG FILIPINO
www.kwf.gov.ph
komfil@kwf.gov.ph

**DANGAL NG WIKANG FILIPINO 2022, Bukás na para sa nominasyon!**

Ang Dangal ng Wikang Filipino ay mataas na pagkilála sa mga indibidwal, samahán, tanggápan, institusyon, o ahensiyang pampamahalaán o pribadong sektor na may natatanging ambag o nagawa túngo sa pagsusulong, pagpapalaganap, pagpapayabong, at preserbasyon ng wikang Filipino.

1. Bukás ang nominasyon sa mga indibidwal, samahán, tanggápan o institusyon, at mga ahensiyang pampamahalaán o pribadong sektor na may natatanging ambag o nagawa túngo sa pagsusulong, pagpapapagalaganap, pagpapayabong, at preserbasyon ng wikang Filipino sa ibá't ibáng larang at/o disiplina.

2. Pára sa mga indibidwal, kinakailangang may gulang na hindi bababâ sa apatnapung (40) taón. Pára sa mga samahán, tanggápan, ahensiyang pampamahalaán, at/o pribadong sektor, kinakailangang naestablisa nang hindi bababâ sa limáng (5) taón.

3. Mayroong katipunan ng mga akda o gawaing nakapag-ambag sa wikang Filipino sa ibá't ibáng larang at disiplina. (Kinakailangang ilakip sa nominasyon bílang pruweba).

4. Ang mga nominado ay marapat na manggaling sa rekomendasyon ng indibidwal o pangkat mulâ sa labas ng KWF.

5. Pára sa onlayn na nominasyon, ihanda ang lahat ng softcopy (.pdf format) at magtungo sa link na ito: https://forms.gle/a7BV2Yxw8FxJSMn8A

(a)KWF Pormularyo ng Nominasyon https://kwf.gov.ph/wp.../uploads/dangal-ng-wika-2021.pdf;

(b) Liham nominasyon na nagsasaad ng buod ng kalipikasyon ng nominadong indibidwal o samahán at nilagdaan ng nagnomina;

(c) Curriculum vitae (kung indibidwal) o profayl ng organisasyon (kung samahán); at (d) Mga pruweba sa katipunan ng mga akda o gawaing nakapag-ambag sa wikang Filipino at/o alinmang katutubong wika sa bansa.

6. Pára sa nominasyon na ipadadala sa koreo, ilakip sa isa o higit pang long brown envelop ang lahat ng dokumento (hardcopy) na nakasaad sa bílang 5 at ipadalá sa:

Lupon sa Dangal ng Wikang Filipino 2022

Komisyon sa Wikang Filipino

2/P Gusali Watson, 1610 Kalye J.P. Laurel

San Miguel, Maynila

7. Ang hulíng araw ng pagpapása ng nominasyon ay sa 27 HUNYO 2022, 5nh.

8. Ang tatanghaling Dangal ng Wikang Filipino 2022 ay tatanggap ng naturang gawad sa Araw ng Parangal sa 29 Agosto 2022.

9. Pára sa ibá pang detalye, mangyaring tumawag o mag-text sa 0928-844-1349, o magpadalá ng email sa Sangay ng Edukasyon at Networking sa timpalak.gawad@kwf.gov.ph.